

**Kagawaran ng Edukasyon**  
**Araling**  
**Panlipunan 7**  
**Mga Sinaunang**  
**Kabihasnan sa Asya**  
**Ikalawang Markahan – Ikatlong Linggo**



Marissa R. Pantoja

**Manunulat**

Ma. Martha R. Ullero

**Tagasuri**

Carol C. Monroid

**Layout**

Felipa R. Dawa

Grace B. Columbino

Marlyn B. Latina

**Katibayan ng Kalidad**



**Schools Division Office – Muntinlupa City**

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City  
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



## INAASAHAN

Ang modyul na ito ay naglalaman ng aralin tungkol sa Mga Sinaunang Kabihasan sa Asya. Nais mo bang malaman ang pagsibol at pag-unlad ng sinaunang kabihasnang Indus at Shang sa Asya? Sa bahaging ito ng aralin sisikapin nating tuklasin ang mga konsepto at kahulugan ng kabihasan at kung paano ito sumibol, umunlad, at at nagpatuloy sa kasalukuyang panahon. Lilinangin ang dating kaalaman at pang-unawa. Sa pagpapahusay ng agrikultura at sitemang pangkabuhayn, kasabay sa pagtatag ng organisadong pamahalaan at imbensiyon ng pagsulat, unti-unting nakamit ng mga sinaunang Asyano ang maunlad na pamumuhay na nagbigay daan sa pag-usbong ng mga kabihasan sa Asya. Magsasagawa ng mga kasanayan para sa pagtuklas ng mga kaalaman na may kaugnayan sa pag-usbong ng kabihasan sa Asya. Marahil ay handa ka na para sa pagbabasa at pagsasagawa ng mga Gawain. Tara simulan na natin.

Mga Aralin at Sakop ng Modyul:

Yunit II- Mga Sinaunang Kabihasan at Pamumuhay sa Asya

Aralin I - Mga Sinaunang Kabihasan sa

1. Kabihasnang Indus
2. Kabihasnang Shang

Pagkatapos ng pagsagot sa modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

1. Napaghahambing ang mga sinaunang kabihasan sa Asya (Sumer, Indus, Tsina) MELCs AP7KSA-IIc-1.4
2. Naitatala sa tsart ang mga katangian ng kabihasnang Indus at Tsina
3. Nasusuri ang mga pagbabago at pag-unlad ng pamumuhay ng mga sinaunang Kabihasnang Indus at Tsina
4. Napapahalagahan ang mga kakayahan ng mga sinaunang tao sa paghubog ng kanilang Kabihasan.



## UNANG PAGESUBOK

I. Panuto: Basahing mabuti ang mga pangungusap. Isulat ang tamang sagot.

1. Tawag sa pare-parehong sukat na bloke ng kabahayan sa Indus.
  - A. Grid-patterned
  - B. Kuwadrado
  - C. Organizado
  - D. Planado
2. Dahil sa madilaw na kulay ng tubig ng ilog Huang Ho, ito ay binasagan na:
  - A. Dilaw na lupain
  - B. Loess
  - C. Shangshao
  - D. Yellow River
3. Tawag sa sistema ng pagsulat ng mga Tsino at nagsisilbing tagapag-isa ng Tsino.
  - A. Calligraphy
  - B. Cunieform
  - C. Pictogram
  - D. Sanskrit
4. Ang gamit sa panghuhula sa paniniwalang nakakausap nila ang Diyos at kalikasan at mga ninuno.
  - A. Oracle Bones
  - B. Potter's wheel
  - C. Tapayan
  - D. Paniniwala



Sa panibagong araling ito ay pagtutuunang pansin ang mga sinaunang kabihasan na umusbong sa Asya. Paano hinubog at nagawang mapaunlad ng sinaunang tao ang pagkakakilanlang Asyano? Bakit sa mga lugar na ito nagsimula ang sinaunang kabihasan? Ano ang pagkakatulad ng bawat kabihasan? Paano nila hinarapang bawat kabihasan ang hamon ng kalikasan? Paano nakaimpluwensya ang sinaunang kabihasan sa pagbuo at pag-unlad ng pamayanan? Mahalagang maiugnay mo ang iyong natutuhan sa nakaraang aralin upang ganap na maunawaan ang paksa.

### Gawain 1: Ang Kabihasang Sumer

Panuto: Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon at ito ay isulat sa patlang.

Cunieform	Kabihasan	Lambak -ilog	Sibilisasyon
	Sumer	Ziggurat	

- \_\_\_\_\_ 1. Sistema ng pagsulat ng mga taga Sumerian.
- \_\_\_\_\_ 2. Pamumuhay na nakagawian at pinipino ng maraming pangkat ng tao.
- \_\_\_\_\_ 3. Sa Pag-aaral ng kasaysayan ang mag sinaunang tao saan madalas na nabubuo ang kabihasan.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang sibilisasyon ay isang lipunan na may mataas na antas ng kultura at organisadong panlipunan ito ay hango sa isang salitang “Latin” na “Civitas” na ang kahulugan ay .
- \_\_\_\_\_ 5. Itinuturing na pinakaunang at pinakamatandang kabihasan sa daigdig.




### PAGPAPAKILALA NG ARALIN

#### KABIHASNANG INDUS



Naging tagpuan ng Kabihasnang Shang ang llog Huang Ho na tinawag ding Yellow River dahil sa tuwing pagkatapos ng pagbaha ang tubig nito ay nag iiwan ng loess o dilaw na lupa na nagsisilbing pataba sa lupaing agrikultural na malapit dito. Ang taunang pagbaha sa ilog na ito na kumikitil ng maraming buhay ay pinaghandaan ng mga tao sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga halaman na kokontrol sa tubig at ang paglalagay ng mga dike. May mga pamayanan ng umusbong dito bago pa ang Shang. Ito ang kalinangang Yangshao (3000 BCE- 1500 BCE) at Lungshan (2500 BCE). Pagtatanim ang pangunahing gawain sa panahong ito. Bagama't mas permanente ang pamayanang Lungshan, nagkaroon din naman ng kontribusyon ang pamayanang Yangshao. Isa sa pangunahing gawain ng

Yangshao ay paggawa ng napaunlad naman ng Lungshan sa pamamagitan ng pagtuklas ng potter's wheel. Masasabing ang Lungshan ang transisyon patungo sa panahon ng kabihasnang Shang. May mga nasulat din na may nauna pa sa pamayanang Shang tulad ng Dinastiyang Xia subalit walang sapat na samantalang sa Shang ay may mga labing nahukay ang mga arkeolohiya na nagpatunay sa kabihasnang ito noong dekada 1920. Isa na rito ang mga oracle bones o butong orakulo na ginagamit sa panghuhula. Paniniwala nila na nakakausap nila ang mga diyos ng kalikasan at mga ninuno gamit pa ang mga butong orakulo. 2000 BCE, mga tapayan na mas nahigitan at dokumentong nagpapatunay dito.



[www.worldatlas.com/webimage/country/meriv.html](http://www.worldatlas.com/webimage/country/meriv.html)

Pinagkunan: ASYA: PAGKAKAISA SA GITNA NG PAGKAKAIBA p. 114

Ang Shang ay pinamunuan ng mga paring-hari na naging organisado sa pag-aayos ng kanilang lungsod na napapalibutan ng mga matataas na pader na naging paghahanda sa mga madalas na digmaan sa kanilang lupain. May malinaw na paghahati ng lipunan sa lupain na ito, ang mga aristokrasya at ang mga mababang uri na nailalarawan sa uri ng kanilang tirahan. Natukisan ang sistema ng pagsulat na tinawag na calligraphy na nagsisilbing tagapag isa ng Tsino. Bagama't may ibat ibang wika nasentro lamang sa isang sistema ng pagsulat ang mga Tsino at ang mga simbolo ng butong orakulo ang ginamit na karakter na unang simbolo ng pagsusulat nila. Ipinalagay ng mga Tsino kabihasnang umusbong sa Huang Ho ang isa sa mga sinaunang kabihasnang at pinakamatandang nabubuhay na kabihasnang sa daigdig. Ang pananaw nilang ito ay nagpatuloy tungo sa pagtatatag ng mga imperyo.




## GAWAIN

### Gawain 2: Pagbuo ng Balangkas

Batay sa iyong nabasa mula sa dalawang kabihasnang Indus at Shang, sagutan ang talahyanan tungkol sa naging pagbabago at pag-unlad ng pamumuhay ng mga kabihasnang umunlad sa Asya.

	LUGAR NA PINAGMULAN NG KABIHASNAN	MGA UNANG PAMAYANANG UMUSBONG	KABIHASNANG UMUNLAD	URI NG PAMUMUHAY
INDUS				
SHANG				

Pinagkunan: *Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba Araling Panlipunan* modyul para sa mag-aaral p. 115



### TANDAAN

- Umusbong ang mga Kabihasnang Sumer, Indus at Tsina sa halos magkakaparehong katangiang heograpikal—ang lambak-ilog
- Ang lupaing *Indus* ay di hamak na masmalawak kaysa sinaunang Mesopotamia. Sakop nito ang malaking bahagi ng *Hilagang kanluran* na dating India at ang lupain kung saan matatagpuan ang *Pakistan* sa kasalukuyan.
- Ang mga *Aryan* nagmula sa steppe ng Asya sa kanluran ng *Hindu Kush* at nakarating sa *Timog Asya* sa pamamagitan ng makikipot na daan sa kabundukan. Ang wikang *Sanskrit* ang wikang dinala ng mga Aryan sa India.
- Ang Ilog Huang Ho ay tinatawag ding Yellow River dahil sa tuwing pagkatapos ng pagbaha ang tubig nito ay nag-iiwan ng loess o dilaw na lupa na nagsisilbing pataba sa lupaing agricultural na malapit dito.
- Ang kontribusyon ng mga kabihasnang Indus at Shang ay nakaimpluwensiya sa aspektong *pampulitika*, *pang-ekonomiya*, *panlipunan* at *pangkultura*. Ang mga ito ang humubog sa pamumuhay ng mga Asyano mula sa sinaunang panahon hanggang sa kasalukuyan.



### PAG-ALAM SA NATUTUHAN

**Gawain 3: Repleksyon**

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Ibigay ang mga paraan ng pamumuhay na isinagawa ng mga sinaunang tao na nagtatag ng kabihasnang Indus?

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

2. Batay sa mga artifacts na nahukay, ano ang masasabi mo tungkol sa pamumuhay ng mga tao sa nabanggit na lungsod? Magbigay ng mga halimbawa ng mga artifacts na nahukay.

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

3. Bakit mahalaga sa mga Tsino ang paggalang at pagsamba sa mga ninuno?

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

4. Anu-ano ang mga gawaing pangkabuhayan ng mga mamamayan noong panahon ng kabihasnang Tsino? \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

5. Bakit mahalaga sa mga Tsino ang sistema ng pagsulat na nalinang sa Kabihasnang Shang upang ito ay panatilihin hanggang sa kasalukuyan? Ipaliwanag ang iyong sagot. \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_



**PANG-WAKAS NA PAGSUSULIT**

I. Panuto: Tukuyin kung saang sinaunang kabihasnang ang ambag o kontribusyon ng mga sumusunod. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

A. Indus

B. Shang

C. Sumer

- \_\_\_\_\_ 1. Ziggurat
- \_\_\_\_\_ 2. Grid Patterned
- \_\_\_\_\_ 3. Cunieform
- \_\_\_\_\_ 4. Calligraphy



\_\_\_\_\_ 5. Pictogram

II. Punan ng tamang sagot ang mga pangungusap. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon.

Euphrates at Tigris	Grid Patterned	Calligraphy	Cunieform
Indus at Ganges River	Dravidian	Huang Ho	Aryan
Harrapa at Mohenjo-Daro	Mergah	Sanskrit	

- \_\_\_\_\_ 6. Pangkat ng mga tao na nagmula sa kanlurang Hindu Kush na nagdala ng wikang Sankrit sa India.
- \_\_\_\_\_ 7. Bago pa man umunlad ang kabihasnang Indus ay may pamayanan nang naitatag noong panahon ng Neolitiko. Anong pamayanan ito na nasa kanluran ng ilog Indus?
- \_\_\_\_\_ 8. Wikang dinala ng mga Aryans sa India.
- \_\_\_\_\_ 9. Tawag sa sistema ng pagsulat ng kabihasnang Sumer.
- \_\_\_\_\_ 10. Ilog na naging tagpuan ng kabihasnang Shang na tinatawag ding Yellow River.
- \_\_\_\_\_ 11. Sistema ng pagsulat ng kabihasnang Shang na nagsisilbing tagapagisa ng mga Tsino.
- \_\_\_\_\_ 12. Tawag sa pare-parehong sukat ng bloke ng mga kabahayan sa kabihasnang Indus.
- \_\_\_\_\_ 13. Pangkat ng mga tao mula sa kanluran ng Hindu Kush na pinaniniwalaang bumuo ng kabihasnang Indus.
- \_\_\_\_\_ 14. Ilog na matatagpuan sa Timog Asya na pinaniniwalaan na umunlad ang kabihasnang Indus.
- \_\_\_\_\_ 15. Dalawang importanteng lungsod ang umusbong sa Indus ito ay planado at organisado na ipinakita ang pare-parehong sukat ng mga bloke ng kabahayan.

## **Sanggunian**

Aklat:

- Rosemarie C. Blando, Adelina A. Sebastian, Angelo C. Espiritu ASYA: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba; Modyul para sa mga mag-aaral. Unang Edisyon, 2014 Manunulat: Pilipinas ng Eduresources Publishing Inc. p. 112-114
- Maria Carmelita B. Samson, Eleanor D. Antonio, Evangeline M. Dallo Eleanor D. Antonio, Evangeline M. Dallo, Consuelo M. Imperial. Kayamanan: Worktext sa Araling Panlipunan ang Pilipinas sa Asya Unang Edisyon, 2013 Manunulat: Rex Printing, Company, Inc. 84-86 Florentino St. Sta Mesa Heights, Quezon City. p. 66
- Romela M. Cruz, Mary Dorothy DL Jose, Joel B. Mangulabnan, Michael M. Mercado at Jerome A. Ong. Araling Asyano Tungo sa Pagkakakilanlan. Edisyon 2015,

Manunulat: Pilipinas ng Vibal Group, Inc. Manila : 1253 Gregorio Araneta Avenue, Quezon City. p. 131-139

Website:

-[www.worldatlas.com/webimage/country/meriv.html](http://www.worldatlas.com/webimage/country/meriv.html).

-<http://www.mrsk.net/Content%20Standard%206.2.1.html>

- Sipi ng Ikalawang Markahan Pagsusulit 2018,2019

**Susi sa Pagwawasto:** 1.A, 2.D, 3.A, 4.B, 5.A, 6.D, 7.D, 8.A, 9.Tama, 10.Mali-Indus, 11.Mali-Neolitiko, 12.Tama, 13.Mali-Potters' Wheel, 14.Tama, 15.Tama

**Pang-wakas na Pagsusuli:** I. 1.A, 2.B, 3.A, 4.C, 5.D, II. 6.Aryan, 7.Mergah, 8.Fertile Crescent, 9.Cuneiform, 10.Huang Ho, 11.Calligraphy, 12. Grid Patterned, 13.Aryan, 14.Ilog Indus & Ganges, 15.Mohenjo-Daro at Harappa

